



PAUNAWA SA MEDIA

PETSA: Mayo 19, 2020

CONTACT: Sarah Zahedi, 415.470.1584

Nanalo sa Spare the Air Leadership Award, paparangalan sa ika-30 seremonya ng Taunang Acterra Business Environmental Awards

SAN FRANCISCO – Paparangalan ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang Central Concrete para sa *Spare the Air Leadership Award* sa Huwebes, Mayo 28, sa online na seremonya ng parangal ng 2020 Acterra Business Environmental Awards. Online gagawin ang seremonya ng parangal ngayong taon, alinsunod sa mga lokal na alituntunin sa pananatili sa bahay dahil sa COVID-19.

Napiling parangalan ang Central Concrete sa San Jose dahil nagpakita ito ng natatanging pamumuno para mabawasan ang mga pollutant sa hangin. Nagdisenyo ang kumpanya ng mga sustainable na kongkretong produkto na may mababang carbon footprint sa pamamagitan ng paggamit ng mas kaunting semento, at pag-substitute dito gamit ang mga materyales na pamalit sa semento. Simula 2011, 1.1 milyong tonelada na ng semento ang napalitan nito ng mga substitute na materyales, na nagresulta sa pagkaunti ng mga emission na humigit-kumulang 1 milyong tonelada ng carbon dioxide mula sa produksyon ng semento.

Kikilalanin ang nanalo sa Spare the Air Leadership Award kasama ng iba pang lider sa kapaligiran mula sa buong Bay Area sa panahon ng online na seremonya. **Libre ang pagpaparehistro sa [acterra.org/bea/](https://www.acterra.org/bea/).**

SINO: Acterra, mga lokal na nanalo ng parangal, nakaraang nanalo at sponsor

SAAN: <https://www.acterra.org/bea-2020-reception>

KAILAN: Huwebes, Mayo 28, mula 4:30 - 6:30 p.m.

BAKIT: Para parangalan ang mga lokal na lider sa kapaligiran

Ang [Acterra](#) ay isang 501(c)(3) na nonprofit sa San Francisco Bay Area na nakabase sa Palo Alto na naglalayong pagbukod-bukurin ang mga tao para makagawa ng mga lokal na solusyon para sa isang magandang planeta. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba pang kategorya ng parangal at tatanggap, o tungkol sa seremonya ng parangal, bumisita sa <https://www.acterra.org/bea-2020-awardees>.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)